

Pagaayuno Yugto 9

"1 At nangyari, pagkatapos nito, na ang mga anak ni Moab, at ang mga anak ni Ammon, at pati ng iba sa mga Ammonita, ay naparoon laban kay Josaphat upang makipagbaka. 2 Nang magkagayo'y nagsiparoon ang iba na nagsipagsaysay kay Josaphat, na nagsasabi, May lumalabas na isang lubhang karamihan laban sa iyo na mula sa dako roon ng dagat na mula sa Siria; at, narito, sila'y nangasa Hasason-tamar (na siyang Engedi). 3 At si Josaphat ay natakot, at tumalagang hanapin ang Panginoon; at siya'y nagtanyag ng ayuno sa buong Juda. 4 At ang Juda'y nagpipisan, upang huminging tulong sa Panginoon: sa makatuwid baga'y mula sa lahat na bayan ng Juda ay nagsiparoon upang hanapin ang Panginoon. 5 At si Josaphat ay tumayo sa kapisanan ng Juda at Jerusalem, sa bahay ng Panginoon, sa harap ng bagong looban; 6 At kaniyang sinabi, Oh Panginoon, na Dios ng aming mga magulang, di ba ikaw ay Dios sa langit? at di ba ikaw ay puno sa lahat na kaharian ng mga bansa? at nasa iyong kamay ang kapangyarihan at lakas, na anopa't walang makahaharap sa iyo. 7 Di mo ba pinalayas, Oh aming Dios, ang mga nananahan sa lupaing ito sa harap ng iyong bayang Israel, at iyong ibinigay sa binhi ni Abraham na iyong kaibigan magpakailan man? 8 At nagsitahan sila roon at ipinagtayo ka ng santuario roon na ukol sa iyong pangalan, na sinasabi, 9 Kung ang kasamaan ay dumating sa amin, ang tabak ng kahatulan, o salot, o kagutom, kami ay magsisitayo sa harap ng bahay na ito, at sa harap mo, (sapagka't ang iyong pangalan ay nasa bahay na ito,) at kami ay dadaing sa iyo sa aming pagdada lamhati, at kami ay iyong didinggin at ililigtas. 10 At ngayon, narito, ang mga anak ni Ammon at ni Moab, at ng sa bundok ng Seir na hindi mo ipinalusob sa Israel, nang sila'y magsilabas sa lupain ng Egipto, kundi kanilang nilikuan sila, at hindi sila nilipol; 11 Tingnan mo, kung paanong sila'y gumaganti sa amin, na nagsisiparito upang palayasin kami sa iyong pag-aari, na iyong ibinigay sa amin upang manahin. 12 Oh aming Dios, hindi mo ba hahatulan sila? sapagka't wala kaming kaya laban sa malaking pulutong na ito na naparirito laban sa amin, ni hindi man nalalaman namin kung anong marapat gawin; nguni't ang aming mga mata ay nasa iyo. 13 At ang buong Juda ay tumayo sa harap ng Panginoon, pati ang kanilang mga bata, ang kanilang mga asawa, at ang kanilang mga anak. 14 Nang magkagayo'y dumating kay Jahaziel na anak ni Zacharias, na anak ni Benaias, na anak ni Jeiel, na anak ni Mathanias na Levita, sa mga anak ni Asaph ang Espiritu ng Panginoon sa gitna ng kapisanan; 15 At kaniyang sinabi, Dinggin ninyo, buong Juda, at ninyong mga taga Jerusalem, at ikaw na haring Josaphat: ganito ang sabi ng Panginoon sa inyo, Huwag kayong mangatakot, o manglupaypay man dahil sa malaking karamihang ito; sapagka't ang pakikipagbaka ay hindi inyo, kundi sa Dios. 16 Bukas ay magsilusong kayo laban sa kanila: narito, sila'y nagsiahon sa ahunan ng Sis; at inyong masusumpungan sila sa dulo ng libis, sa harap ng ilang ng Jeruel. 17 Kayo'y hindi magkakailangan na makipaglaban sa pagbabakang ito: magsilagay kayo, magsitayo kayong panatag, at tingnan ninyo ang pagliligtas, ng Panginoon na kasama ninyo, Oh Juda at Jerusalem: huwag kayong mangatakot, o manganglupaypay man: bukas ay magsilabas kayo laban sa kanila; sapagka't ang Panginoon ay sumasa inyo. 18 At itinungo ni Josaphat ang kaniyang ulo sa lupa: at ang buong Juda at ang mga taga Jerusalem ay nangagpatirapa sa harap ng Panginoon, na nagsisamba sa Panginoon. 19 At ang mga Levita, sa mga anak ng mga Coathita at sa mga anak ng mga Coraita; ay nagsitayo upang purihin ang Panginoon, ang Dios ng Israel, ng totoong malakas na tinig. 20 At sila'y nagsibangong maaga sa kinaumagahan, at nagsilabas sa ilang ng Tecoa: at habang sila'y nagsisilabas, si Josaphat ay tumayo, at nagsabi, Dinggin ninyo ako, Oh Juda, at ninyong mga taga Jerusalem; sumampalataya kayo sa Panginoon ninyong Dios, sa gayo'y matatatag kayo; sumampalataya kayo sa kaniyang mga propeta, sa gayo'y giginhawa kayo. 21 At nang siya'y makakuhang payo sa bayan, kaniyang inihalal sa kanila ang magsisiawit sa Panginoon at magsisipuri sa ganda ng kabanalan habang sila'y nagsisilabas na nagpapauna sa hukbo at magsipagsabi, Mangagpasalamat kayo sa Panginoon; sapagka't ang kaniyang kaawaan ay magpakailan man. 22 At nang sila'y mangagpasimulang magsiawit at magsipuri, ang Panginoon ay naglagay ng mga bakay laban sa mga anak ni Ammon, ni Moab, at ng sa bundok ng Seir, na nagsiparoon laban sa Juda; at sila'y nangasugatan. 23 Sapagka't ang mga anak ni Ammon at ni Moab ay nagsitayo laban sa mga taga bundok ng Seir, upang lubos na magsipatay at lipulin sila: at nang sila'y makatapos sa mga taga bundok ng Seir, bawa't isa'y tumulong na lumipol sa iba. 24 At nang ang Juda ay dumating sa bantayang moog sa ilang, sila'y nagsitingin sa karamihan; at, narito, mga bangkay na nangakabuwal sa lupa, at walang nakatanaan. 25 At nang si Josaphat at ang kaniyang bayan ay magsiparoon upang kunin ang samsam sa kanila, kanilang nasumpungan sa kanila na sagana ay mga kayamanan at mga bangkay, at mga mahahalagang hiyas na kanilang mga sinamsam para sa kanilang sarili, na higit kay sa kanilang madala: at sila'y nagsidoon na tatlong araw, sa pagkuha ng samsam, na totoong marami. 26 At nang ikaapat na araw, sila'y nagpupulong sa libis ng Baracah; sapagka't doo'y kanilang pinuri ang Panginoon: kaya't ang pangalan ng dakong yaon ay tinawag na Libis ng Baracah, hanggang sa araw na ito. 27 Nang magkagayo'y nagsibalik sila, bawa't ang lalake sa Juda, at sa Jerusalem, at si Josaphat ay sa unahan nila, upang bumalik sa Jerusalem na may kagalakan; sapagka't sila'y pinapagkatuwa ng Panginoon sa kanilang mga kaaway. 28 At sila'y nagsiparoon sa Jerusalem na may mga salterio at mga alpa, at mga pakakak sa bahay ng Panginoon. 29 At ang takot sa Dios ay napasa lahat na kaharian ng mga lupain, nang kanilang mabalitaang ang Panginoon ay nakipaglaban sa mga kaaway ng Israel. 30 Sa gayo'y ang kaharian ni Josaphat ay natahimik: sapagka't binigyan siya ng kaniyang Dios ng kapahingahan sa palibot." (2 Cronica 20:1-29)

Ang nasa itaas na pangyayari ay nangyari sa panahon ng paghahari ni Josaphat ang hari ng Juda na isang matuwid na hari at ginawa ang kanyang tungkulin para maglingkod sa Diyos. Sa ating nabasa nalaman natin na si Haring Josaphat at ang kaharian ng Juda ay nasa ilalim ng banta sa paglusob ng isang malawak na hukbo na ginawa ng tatlong pangkat na nagmulang dumating ng magkakasama laban sa kanila at mas malaki at mas makapangyarihan kaysa sa Kaharian ng Juda. "1 At nangyari, pagkatapos nito, na ang mga anak ni Moab, at ang mga anak ni Ammon, at pati ng iba sa mga Ammonita, ay naparoon laban kay Josaphat upang makipagbaka. 2 Nang magkagayo'y nagsiparoon ang iba na nagsipagsaysay kay Josaphat, na nagsasabi, May lumalabas na isang lubhang karamihan laban sa iyo na mula sa dako roon ng dagat na mula sa Siria; at, narito, sila'y nangasa Hasason-tamar (na siyang Engedi)." (2 Cronica 20:1-2)

Habang ating paghinilayan ng higit sa piniling talata mula sa 2 Cronica 20 ating matutunan ang ilang mga katotohanan na maari nating ilapat sa ating buhay. Habang tayo'y naniniwala sa Diyos at sa ating Panginoong Jesu Cristo ang talata ng ating binasa at naguutos sa atin ng mabuting mga aral na ating mailapat kahit sa araw na ito sa ating pang araw araw na pakikibaka laban kay Satanas at sa lahat ng mga pakana nito.

1. Pananampalataya: "3 At si Josaphat ay natakot, at tumalagang hanapin ang Panginoon; at siya'y nagtanyag ng ayuno sa buong Juda. 4 At ang Juda'y nagpipisan, upang huminging tulong sa Panginoon: sa makatuwid baga'y mula sa lahat na bayan ng Juda ay nagsiparoon upang hanapin ang Panginoon." (2 Cronica 20:3-4) Narito ngayon si Haring Josaphat at ang buong kaharian ay kailangang harapin ang banta at pumunta sa pakikibaka, ngunit sila'y naunang nagpunta para pumuntang magkakasama sa Panginoon sa pananalangin at sa pagaayuno humihiling ng tulong sa Panginoon. Ano ang ating matutunan dito, bilang isang simbahan na kapag tayo'y nahaharap sa isang banta mula sa diablo na makakaapekto sa karamihan sa atin kailangan natin unang pumunta't hanapin ang tulong ng Panginoon sa pamamagitan ng panalangin at pagaayuno.

Nang narinig ni Josaphat ang balita, tinawag niya ang mga tao at ipinahayag ang panalangin at pagaayuno at ang mga tao'y pumuntang magkakasama hinahanap ang tulong mula sa Panginoon. Ang mga suliranin ay hindi dapat maging dahilan para sayo upang panghinaan sa pananampalataya. Ang mga suliranin na pinahintulot ng Diyos na dumating sa iyong buhay ang kanyang pakay mula sa pagpapahintulot niyaon ay upang gawing kang matatag sa pananampalataya. hindi para lumiit at umatras kundi mas magtiwala sa Diyos. Kapag humaharap ka sa suliranin sa pananampalataya gamitin ang kalasag ng panalangin at pagaayuno para harapin ito at malampasan.

2. Kabanalan sa buhay at kalinawan ay kinakailangan: Ang mga Israelita nang sila'y umalis sa Egipto hindi nila sinakop ang lupain ng Ammon, Moab, at Bundok ng Seir, sapagkat ang Panginoon ay hindi sila pinayagan na gawin yaon, ngunit ngayon ang mga taong ito ay sinasakop ang lupain ng Juda. Si Josaphat nang hinarap ang suliranin nalalaman niya ang mga kritiko ng sitwasyon at kung ano ang ibinigay ng Diyos sa kanila at ang inutos Niya sa kanila, at binanggit ni Josaphat ang ng iyon sa kanyang panalangin. "5 At si Josaphat ay tumayo sa kapisanan ng Juda at Jerusalem, sa bahay ng Panginoon, sa harap ng bagong looban; 6 At kaniyang sinabi, Oh Panginoon, na Dios ng aming mga magulang, di ba ikaw ay Dios sa langit? at di ba ikaw ay puno sa lahat na kaharian ng mga bansa? at nasa iyong kamay ang kapangyarihan at lakas, na anopa't walang makahaharap sa iyo. 7 Di mo ba pinalayas, Oh aming Dios, ang mga nananahan sa lupaing ito sa harap ng iyong bayang Israel, at iyong ibinigay sa binhi ni Abraham na iyong kaibigan magpakailan man? 8 At nagsitahan sila roon at ipinagtayo ka ng santuario roon na ukol sa iyong pangalan, na sinasabi, 9 Kung ang kasamaan ay dumating sa amin, ang tabak ng kahatulan, o salot, o kagutom, kami ay magsisitayo sa harap ng bahay na ito, at sa harap mo, (sapagka't ang iyong pangalan ay nasa bahay na ito,) at kami ay dadaing sa iyo sa aming pagdadalamhati, at kami ay iyong didinggin at ililigtas. 10 At ngayon, narito, ang mga anak ni Ammon at ni Moab, at ng sa bundok ng Seir na hindi mo ipinalusob sa Israel, nang sila'y magsilabas sa lupain ng Egipto, kundi kanilang nilikuan sila, at hindi sila nilipol; 11 Tingnan mo, kung paanong sila'y gumaganti sa amin, na nagsisiparito upang palayasin kami sa iyong pag-aari, na iyong ibinigay sa amin upang manahin." (2 Cronica 20:5-11) Lahat ng mga tao na naroroon ay narinig ang lahat ng mga detalyeng ito upang kanilang malaman kung aling batayan na sila'y lumapit sa Panginoon, namagitan, at manalangin at magayuno sa Kanya upang tulungan silang lutasin ang suliranin. Nagawa ni Josaphat na gawin iyon sapagka't wala siyang ginawang masama. Ito ay hindi niya pagkakamali, bagkus ito ay kamalian ng kanyang kaaway. Ang katulad para sayo, kung ikaw ay walang ginawang mali ito ay hindi mo kamalian na ang mga tao ay gumagawa ng mga kaguluhan laban sayo. Hangga't ikaw ay nabubuhay sa kabanalan at kalinawan sa gayo'y huwag mahiya sa alinmang bagay hanggat ang lahat ng bagay ay dalisay at malinis sa harapan ng Diyos.

Ngunit kapag ikaw ay nabubuhay sa kasalanan at nakatagong agenda at walang kadalisan ay nandoon, sa gayon ikaw ay maabutan ng kaaway.

Ngunit tiisin mo kaibigan may paraan para sayo; habang ikaw ay nagsisisi sa iyong mga kasalanan sa gayon ang Diyos ay kikilos sa iyong ngalan, sapagkat "9 Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, ay tapat at banal siya na tayo'y patatawarin sa ating mga kasalanan, at tayo'y lilinis sa lahat ng kalikuan." (1 Juan 1:9) Habang ikaw ay nananalangin at nagaayuno lumalapit sa Panginoon para sa tulong sa gayon kailangan mong magsisi sa iyong mga kasalanan at talikuran ang mga ito upang ang Diyos ay makikinig at sasagutin ang iyong pagiyak ang iyong panalangin at pagaayuno.

3. "13 Siyang nagtatakip ng kaniyang mga pagsalangsang ay hindi giginhawa: nguni't ang nagpapahayag at nagiiwan ng mga yaon ay magtatamo ng kaawaan." (Kawikaan 28:13) Ang mga kaguluhan ay maaring mabuting daan para sayo upang magsisi, ipahayag ang iyong mga kasalanan at iwanan ang mga yaon, sa gayon ikaw ay magtatamo ng kaawaan at ang Diyos ay kikilos para sa iyong ngalan.

4. Maglapat ng katarungan: Si Haring Josaphat ay ipinakilala ang kaso ng malinaw sa Panginoon; na sila'y sumunod sa Kanya sa paggawa ng tamang bagay at hindi sinakop o kinuha ang karapatan ng iba, habang ang iba sila ang nananakop sa kanilang lupain at sinusubukang kunin ang kanilang mga karapatan. Ngayon kung ikaw ay nabubuhay sa pagsunod sa Diyos at namumuhay sa katarungan at paggalang sa iba at nagbibigay sa lahat ng nararapat sa kanila sa gayon ang Diyos ang makikipaglaban para sayong mga kaaway. "4 Ang hari ay nagtatatag ng lupain sa pamamagitan ng kahatulan: nguni't ang humihingi ng suhol ay gumigiba." (Kawikaan 29:4) Ang pagsasalapat ng katarungan ay napaka halaga at iyon ang magpapatatag sayo, ngunit ang bahagyaat hindi patas ang Diyos ay hindi malulugod.

5. Magkaroon ng kumpiyansa at pagtitiwala sa Panginoon: Si Haring Josaphat ay dumalog sa luklukan ng Diyos nang may kumpiyansa. Pagkilala na ang Diyos ay Hari at ang namamamahala sa lahat ng mga bansa at ang lahat ng bagay ay nasa Kanyang pangangalaga at kapangyarihan. Inako Niya rin ang mga pangako ng Diyos at nagtiwala sa Kanya, gaya ng kanyang sinabi sa Panginoon sa Kanyang ipinangako, "9 Kung ang kasamaan ay dumating sa amin, ang tabak ng kahatulan, o salot, o kagutom, kami ay magsisitayo sa harap ng bahay na ito, at sa harap mo, (sapagka't ang iyong pangalan ay nasa bahay na ito,) at kami ay dadaing sa iyo sa aming pagdadalamhati, at kami ay iyong didinggin at ililigtas." (2 Cronica 20:9)

Ang mga tao'y pumunta ng may buong pagtitiwala sa PANGINOON na maari Niya silang tulungan upang harapin ang kanilang mga kaaway. Sa kanilang pagaayuno kanilang ipinahayag sa Panginoon na sila'y walang kapangyarihan at kalakasan upang harapin ang kaaway at hindi nila alam ang gagawin. "12 Oh aming Dios, hindi mo ba hahatulan sila? sapagka't wala kaming kaya laban sa malaking

pulutong na ito na naparirito laban sa amin, ni hindi man nalalaman namin kung anong marapat gawin; nguni't ang aming mga mata ay nasa iyo." (2 Cronica 20:12) Sila'y lumapit sa PANGINOON sa pagaayuno humihingi sa Kanya ng kalakasan, ng kapangyarihan at ng mga bagay na kailangang gawin upang harapin ang mga kaaway na ito. Tunay na tinulungan sila ng Panginoon upang makamit yaon. Hinikayat sila, inalis ang kanilang mga takot ng kanyang propetikong mensahe, inutusan sila kung ano ang kinakailangan nilang gawin, nilaban Niya ang pakikibaka para kanila, at binigyan sila ng malaking nasamsam. Ang kagaya sa atin kailangan nating pumunta sa Panginoon na may kumpiyansa at upang ipahayag sa Kanya ang ating mga suliranin at kung ano ang nais Niya na gawin para sa atin.

Atin ngayon iharap sa Panginoon ang pangkat ng kaaaway na gumugulo sa atin, Oh aming Dios, hindi mo ba hahatulan sila? sapagka't wala kaming kaya laban sa malaking pulutong na ito na naparirito laban sa amin, ni hindi man nalalaman namin kung anong marapat gawin; nguni't ang aming mga mata ay nasa iyo."

6. Pagkakaisa: "13 At ang buong Juda ay tumayo sa harap ng Panginoon, pati ang kanilang mga bata, ang kanilang mga asawa, at ang kanilang mga anak." (2 Cronica 20:13) Ang lahat ng kapisanan at ang mga kasapi ng pamilya ay pumunta sa Panginoon sa pananalangin at pagaayuno, kahit ang mga bata at ang mga maliliit at walang sinuman ang hindi saklaw ng pagaayuno. Kapag ikaw ay may suliranin, upang lutasin ito ang pagkakaisa ay mahalaga at ito ang nais ng Diyos na makita sa atin. Pagkakaisa sa isip at saloobin at kung naayon sa Kanyang Salita

Ang lahat ng mg kasapi ng pamilya at ng mga kasapi ng simbahan ay kailangang makipagkaisa sa Diyos, sa Kanyang kalooban at sa kanyang Salita upang ang Diyos ay kikilos sa ating kalagitnaan.

7. Paglapit sa Panginoon sa pananalangin at pagaayuno at hinahanap Siya magdadala ng tiyak na mensahe mula sa Panginoon: Habang ang mga tao'y lumapit sa Panginoon, tinanggap nila ang tiyak na mensahe mula sa Kanya. Binigyang inspirasyon ang isang Leviticong, yaong mga nag alay ng kanilang buhay sa Panginoon, upang salitain ang mensahe ng Diyos. "14 Nang magkagayo'y dumating kay Jahaziel na anak ni Zacharias, na anak ni Benaias, na anak ni Jeiel, na anak ni Mathanias na Levita, sa mga anak ni Asaph ang Espiritu ng Panginoon sa gitna ng kapisanan;" (2 Cronica 20:14) Nang iniharap ni Haring Josaphat ang suliranin sa Panginoon sa Kanyang mga panalangin ipinadala ng Diyos ang Kanyang tiyak na mensahe sa Kanyang bayan gaya ng ating mababasa rito: "15 At kaniyang sinabi, Dinggin ninyo, buong Juda, at ninyong mga taga Jerusalem, at ikaw na haring Josaphat: ganito ang sabi ng Panginoon sa inyo, Huwag kayong mangatakot, o manglupaypay man dahil sa malaking karamihang ito; sapagka't ang pakikipagbaka ay hindi inyo, kundi sa Dios. 16 Bukas ay magsilusong kayo laban sa kanila: narito, sila'y nagsiahon sa ahunan ng Sis; at inyong masusumpungan sila sa dulo ng libis, sa harap ng ilang ng Jeruel. 17 Kayo'y hindi magkakailangan na makipaglaban sa pagbabakang ito: magsilagay kayo, magsitayo kayong panatag, at tingnan ninyo ang pagliligtas, ng Panginoon na kasama ninyo, Oh Juda at Jerusalem: huwag kayong mangatakot, o manganglupaypay man: bukas ay magsilabas kayo laban sa kanila; sapagka't ang Panginoon ay sumasa inyo." (2 Cronica 20:15-17) Habang sila'y nananalangin at nagaayuno ang Panginoon ay nagbigay sa kanila ng isang tiyak na mensahe na hindi kailangan lumaban sa pakikibaka, bagkus kailangan lamang nilang magsilabas at tumayong matatag at tingnan ang pagliligtas ng Panginoon at paano Siya makikibaka sa kanila. Sa parehong paraan habang ikaw ay lumapit sa Diyos, pagsisisi sa iyong mga kasalanan, sa pananalangin at pagaayuno, hinahanap ang Kanyang tulong, matatanggap mo ang sa Kanyang katiyakan at ang kumpiyansa at ang iyong puso at isip ay mapupuno ng kapayapaan, na ang Diyos ang makikibaka para sayo at haharapin ang iyong kaaway.

Habang tayo'y lumalapit sa Panginoon sa pananalangin at sa pagaayuno ang pangako ng Diyos ang magtitiyak sa atin at magbibigay ng kapayapaan, "6 Huwag kayong mangabalisa sa anomang bagay; kundi sa lahat ng mga bagay sa pamamagitan ng panalangin at daing na may pagpapasalamat ay ipakilala ninyo ang inyong mga kahilingan sa Dios. 7At ang kapayapaan ng Dios, na di masayod ng pagiisip, ay magingat ng inyong mga puso at ng inyong mga pagiisip kay Cristo Jesus." (Filipos 4:6-7) Patuloy na sisiguraduhin sa atin ng Diyos ang lahat ng ating mga kadalambahatian na Siya ay naririyang kasama natin para harapin ang ating mga kaaway at labanan ang ating pakikibaka.

8. Mula sa agos ng puso ang bibig ay nagsalita: Si Haring Josaphat ay nagalak na tanggapin ang mabuting balita at ang mga Levita ay nagsimulang purihin ang Panginoon sa Kanyang tiyak na mensahe sa Kanyang bayan. "18 At itinungo ni Josaphat ang kaniyang ulo sa lupa: at ang buong Juda at ang mga taga Jerusalem ay nangagpatirapa sa harap ng Panginoon, na nagsisamba sa Panginoon. 19 At ang mga Levita, sa mga anak ng mga Coathita at sa mga anak ng mga Coraita; ay nagsitayo upang purihin ang Panginoon, ang Dios ng Israel, ng totoong malakas na tinig." (2 Cronica 20:18-19) Bilang ating tinanggap ang tiyak na mensahe mula sa Panginoon, ang ating pananampalataya, pagtitiwala, at ang ating kumpiyansa sa Kanya ay tataas na Siya ang makikipaglaban sa ating pakikibaka at mamarapatin sa atin na magwagi at managumpay. Ito ay isinalin sa kahanga hangang pagsamba at papuri sa ating Diyos. Sa ganoong mga pangyayari ating papupurihan ang Panginoon at pasasalamat natin Siya at ating hihikayatin ang isa't isa na gawin ang sumusunod: "Mangagpasalamat kayo sa Panginoon; sapagka't ang kaniyang kaawaan ay magpakailan man."

Nang sumunod na umaga ang mga tao'y nagsibangong maaga na nahikayat at ang mga tao ay inutusan upang papurihan ang Panginoon gaya ng ating babasahin dito: "21 At nang siya'y makakuhang payo sa bayan, kaniyang inihalal sa kanila ang magsisiawit sa Panginoon at magsisipuri sa ganda ng kabanalan habang sila'y nagsisilabas na nagpapauna sa hukbo at magsipagsabi, Mangagpasalamat kayo sa Panginoon; sapagka't ang kaniyang kaawaan ay magpakailan man." (2 Cronica 20:21) Habang tayo'y nananalangin at nagaayuno sa Panginoon sa pagharap sa mga kaguluhan, dapat tayong magpatuloy sa kagalakan, pinupuri ang Diyos at nagtitiwala sa Kanya na Siya ang magsasaayos ng usapin para sa atin.

9. Magkaroon ng pananampalataya sa Diyos at sa Kanyang bayan na naghatid sa atin ng mensahe: "20 At sila'y nagsibangong maaga sa kinaumagahan, at nagsilabas sa ilang ng Tecoa: at habang sila'y nagsisilabas, si Josaphat ay tumayo, at nagsabi, Dinggin ninyo ako, Oh Juda, at ninyong mga taga Jerusalem; sumampalataya kayo sa Panginoon ninyong Dios, sa gayo'y matatag kayo; sumampalataya kayo

sa kaniyang mga propeta, sa gayo'y ginhawa kayo." (2 Cronica 20:20) *Kailangan mong maniwala sa Diyos at kailangan mong maniwala sa tao na itinalaga ng Diyos upang dalhin ang Kanyang mensahe.

* Ang mga namumuno sa simbahan na nagtuturo at nagpapayo at nagdidisipolo gamit ang Salita ng Diyos kanilang dinadala ang propetikong mensahe ng kaligtasan at pagpapalaya ng Diyos, at kailangan mong tanggapin ang mensahe at iyon ang daan para sayo upang tanggapin ang probisyon ng Diyos sa iyong buhay.

10. "5 Tumiwala ka sa Panginoon ng buong puso mo, at huwag kang manalig sa iyong sariling kaunawaan: 6 Kilalanin mo siya sa lahat ng iyong mga lakad, at kaniyang ituturo ang iyong mga landas." (Kawikaan 3:5-6) Nilabanan ng Diyos ang pakikibaka para kay Josaphat at ng bayan ng Juda sa ganitong paraan gaya ng ating babasahin dito: "22 At nang sila'y mangagpasimulang magsiawit at magsipuri, ang Panginoon ay naglagay ng mga bakay laban sa mga anak ni Ammon, ni Moab, at ng sa bundok ng Seir, na nagsiparoon laban sa Juda; at sila'y nangasugatan. 23 Sapagka't ang mga anak ni Ammon at ni Moab ay nagsitayo laban sa mga taga bundok ng Seir, upang lubos na magsipatay at lipulin sila: at nang sila'y makatapos sa mga taga bundok ng Seir, bawata sila'y tumulong na lumipol sa iba. 24 At nang ang Juda ay dumating sa bantayang moog sa ilang, sila'y nagsitingin sa karamihan; at, narito, mga bangkay na nangakabuwal sa lupa, at walang nakatanaan." (2 Cronica 20:22-24) Huwag magduda kung paanong ang Diyos ay makikipaglaban para sayo. Sa bawat labanan na iyong pagdadaanan ang Diyos ay naroroon para lumaban para sayo at gagawa ng isang bagay na lampas sa ating imahinasyon, kaunawaan, lampas sa iyong hiningi. Nilabanan ng Diyos ang kaaway ni Josaphat sa paglalagay ng bakay laban sa pananakop ng mga hukbo, na nagsanhi sa kanila magsugatan sa isa't isa at sila'y natalo. Sila'y nananalangin at nagayuno at kumanta sa Panginoon at Siya ay nakikipaglaban para sa kanila. Sa parehong paraan, tayo'y ganap na magtiwala sa Diyos, habang tayo'y nananalangin at nagaayuno at habang tayo'y umaawit ng may pananampalataya at nagagalak na ating makikita ang malaking pagliligtas ng Panginoon.

11. Ang pagbabaka ay sa Diyos at ang tagumpay at mga samsam ay sa atin: "25 At nang si Josaphat at ang kaniyang bayan ay magsiparoon upang kunin ang samsam sa kanila, kanilang nasumpungan sa kanila na sagana ay mga kayamanan at mga bangkay, at mga mahahalagang hiyas na kanilang mga sinamsam para sa kanilang sarili, na higit kay sa kanilang madala: at sila'y nagsidoon na tatlong araw, sa pagkuha ng samsam, na totoong marami. 26 At nang ikaapat na araw, sila'y nagpupulong sa libis ng Baracah; sapagka't doo'y kanilang pinuri ang Panginoon: kaya't ang pangalan ng dakong yaon ay tinawag na Libis ng Baracah, hanggang sa araw na ito. 27 Nang magkagayo'y nagsibalik sila, bawata lalake sa Juda, at sa Jerusalem, at si Josaphat ay sa unahan nila, upang bumalik sa Jerusalem na may kagalakan; sapagka't sila'y pinapagkatuwa ng Panginoon sa kanilang mga kaaway." (2 Cronica 20:25-27) Si Jesus ay nakikipaglaban sa pakikibaka para sa atin sa Kalbaryo at tayo'y nagkaroon ng tagumpay at samsam. * Kapag ang isang kaaway ay sinasakop ating lupain sa gayon yaon ay hindi isang kaguluhan bagkus ang daan upang pagpalain at tipunin ang samsam mula sa kaaway na nananakop sa atin.

* Maaring magsimula tayo sa ating pananalangin at pagaayuno ng may sakit at kabigatan, ngunit tayo'y magtatapos sa pananampalataya, nagagalak at samsamin ang mga pagpapala at malaking mga patotoo ng kung paanong ipinaglaban ng Diyos ang pakikibaka para sa atin at pinagpala tayo.

12. Ibigay sa Panginoon ang papuri at magpatotoo tungkol sa Kanyang kabutihan sayo: "28 At sila'y nagsiparoon sa Jerusalem na may mga salterio at mga alpa, at mga pakakak sa bahay ng Panginoon." (2 Cronica 20:28) Ang malaking himala ng Diyos sa iyong buhay ay dapat maging dahilan para sayo upang mabago, at pagpalain ng Diyos ang Kanyang katapatan patungo sayo sa pagbibigay pasasalamat sa Kanya, upang ibigay ang iyong buhay para maglingkod sa Kanya at sumunod sa Kanya.

Sa aking Mahal at Minamahal: Ang takot sa Diyos sa napasa lahat ng Kaharian ng mga bansa nang kanilang narinig kung paanong ang Panginoon ay nakikipaglaban sa mga kaaway ng Israel. "29 At ang takot sa Dios ay napasa lahat na kaharian ng mga lupain, nang kanilang mabalitaang ang Panginoon ay nakikipaglaban sa mga kaaway ng Israel." (2 Cronica 20:29) Ang parehong Diyos ay gagawin iyon para sa atin habang tayo'y nagtiwala sa Kanya, at tayo ay magkakaroon ng kapayapaan, sapagkat ang Diyos ang magbibigay kapahingahan sa atin sa bawat sulok bilang tayo'y sumasangayon na magtiwala sa Panginoon at manalangin at magayuno sa Kanya.

Sa aking mahal at minamahal, Gagawin ng Panginoon ang katulad sayo. Hindi ka nagiisa sapagkat ang Panginoon ay sumasaiyo. Kahit na ikaw ay humaharap sa malaking suliranin at malaking pwersa na hindi mo kayang batahin. Ang Diyos ay tutulungan ka sa lahat ng iyon; tuturuan ka Niya nang kailangan mong gawin, Siya ang lalaban sa pakikibaka para sayo at magkakaroon ka ng ani. Magtiwala sa Kanya ng ganap at ipagkatiwala ang iyong layunin at suliranin sa Kanya habang ikaw ay nagaayuno at nananalangin.

Ang aking Panalangin: Amang Diyos ako ay lumalapit sa harap mo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan.

Aking ipinapahayag sayo at iniwan ang sumusunod na mga kasalanan
Patawarin mo ako Panginoon at tulungan ako sa aking buhay.

Oh PANGINOON aking ilalagay sa iyong kamay ang sumusunod na mga kasalanan
Patawarin mo ako Panginoon at tulungan ako sa aking buhay.

Oh PANGINOON aking ilalagay sa iyong kamay sa pamamagitan ng pananalangin at pagaayuno ang sumusunod na sitwasyon,
PANGINOON ako'y walang kalakasan upang harapin ang malaking suliraning ito, hindi ko alam ang aking gagawin ngunit ang aking mata ay nasa iyo. Panginoon pangako mo na ang pakikibaka ay sa iyo; ako'y ganap na nagtiwala na ito'y gagawin mo para sa akin at

iligtas ako nang mahimala mula sa sitwasyong ito. PANGINOON turuan mo ako sa kailangan kong gawin, labanan ang pakikibaka para sa akin at iligtas ako mula kamay ng aking mga kaaway.

Panginoon sagutin ang panalangin at pagaayuno ng aking mga kapatid at mauna ka sa kanila at lutasin ang kanilang mga suliranin.

Panginoon salamat sa iyong Salita sa amin

bilang isang simbahan, habang kami'y nananalangin at nagaayuno, kami'y nagtitiwala sayo na mauna ka sa amin at harapin ang lahat ng mga balakid at ang mga kaaway na sinusubukang hadlangan ang aming paggunlad at ang aming paglilingkod sayo. Panginoon hinihiling namin na mauna ka bago sa amin, punuin kami ng iyong Banal na Espiritu at paging dapatin mo kaming magpatuloy na magebanghelyo at magtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang pagpapala ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaatang lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr. Ramiz Khalaf

Ang Tagapamahala ng Simbahan

Simbahan ng Diyos

United Arab Emirates

Email: thebread1@gmail.com

Mobile Tel. #: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapi n at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:

First Abu Dhabi Bank (FAB)

ACCOUNT NAME:

RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF

ACCOUNT NO:

1576003753162014

IBAN:

AE3803151576003753162014

SWIFT CODE:

NBADAEEACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:

00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerong: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com